Burn Brighter

# Ibang Espiritu

WEEK 1

## WARM-UP

- Magbahagi ng isang bagay na itinuturing mong kakaiba tungkol sa iyong sarili.
- Naranasan mo na bang sumalungat sa agos? Ano ang kinalabasan nito?
- Paano ka tumutugon sa mga taong gustong gumawa ng mga bagay na naiiba kaysa sa gusto mo?

## WORD

*"Ngunit papapasukin ko sa lupain na kanyang tiningnan si Caleb na aking lingkod, dahil iba ang kanyang pag-uugali sa iba at sumusunod siya sa akin nang buong puso niya. Maninirahan ang kanyang mga angkan sa lupaing iyon."*
**MGA BILANG 14:24**

(Basahin din ang **MGA BILANG 13:30.**)

Nangako ang Diyos na ililigtas Niya ang Kanyang mga mamamayan na naging alipin sa Egipto sa loob ng daan-daang taon at nakaranas ng pang-aapi. Maiisip natin na ang bawat henerasyon ay nagnanais na makita ang katuparan ng pangako ng Diyos sa kanilang buhay. Inilabas ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan mula sa Egipto at pinangakuang aakayin Niya sila sa isang lupaing may umaagos na gatas at pulot (*honey*). Gayunpaman, sa kabila ng kanilang mahimalang pagkaligtas, nakita ng mga Israelita ang mga higanteng kailangan nilang talunin upang maangkin ang kanilang mana at nawalan sila ng pananampalataya sa Diyos. Sa araw na ito, tingnan natin kung paanong mas nag-alab at nagliwanag sa kanilang henerasyon ang tiwala at kagustuhan nina Caleb at Josue na sumunod sa Diyos at kung paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa kanila.

## 1 Sa gitna ng masamang ulat, tumugon sina Caleb at Josue nang may pananampalataya.

*[28]"Pero makapangyarihan ang mga taong nakatira roon, at malalaki ang kanilang mga lungsod at napapalibutan ng mga pader. Nakita pa namin ang mga angkan ni Anak." . . .*
*[30]Pinakalma ni Caleb ang mga tao sa harapan ni Moises, at sinabi niya, "Lalakad tayo at sasakupin natin ang lupain, dahil nasisiguro kong maaagaw natin ito."* **MGA BILANG 13:28, 30**

Habang pinagpaplanuhan ng mga Israelita ang pagpasok sa Lupang Pangako, nagpadala sila ng labindalawang espiya upang obserbahan ito. Sampu sa kanila ang nagbigay ng masamang ulat dahil nakita nila ang mga higanteng kailangan nilang talunin, at dahil dito pinanghinaan ng loob ang iba na tuparin ang pangako ng Diyos. Pero sina Caleb at Josue ay tumugon nang may pananampalataya. Sa kanilang batang edad, itinuon nila ang kanilang mga mata sa Diyos na nagbigay ng pangako, at hindi sa mga hamong kinakaharap nila. Buong tapang nilang ipinahayag ang kanilang pagtitiwala sa Diyos at kung ano ang magagawa nila sa pamamagitan Niya. Tulad nito, maaari tayong manampalataya na bibigyan tayo ng Diyos ng kakayahang ipaglaban ang Kanyang mga pangako, anuman ang sabihin ng iba. May pangako bang mula sa Diyos na ipinaglaban mo? Paano ka tinulungan ng Diyos na matanggap ang pangakong ito?

## 2 Sa gitna ng paghihimagsik, namagitan sina Moises at Aaron para sa mga mamamayan ng Diyos.

*"Ayon sa inyong dakilang pagmamahal, patawarin po ninyo ang mga kasalanan ng mga taong ito, gaya ng pagpapatawad ninyo sa kanila mula nang lumabas sila sa Egipto."* **MGA BILANG 14:19**

Dahil sa masamang ulat, marami sa mga Israelita ang nagreklamo at nagrebelde laban sa Diyos. Bilang mga pinuno mula sa nakatatandang henerasyon, maaaring hayaan na lamang nina Moises at Aaron na pagdusahan nila ang poot ng Diyos bilang resulta ng kanilang pagrerebelde. Ngunit bilang paggalang sa Diyos, namagitan sila para sa kapakanan ng mga

tao. Gayundin, ang mga hindi na bahagi ng nakababatang henerasyon ay maaari pa ring makibahagi sa gawain ng Diyos, upang makipaglaban para sa kanila at kasama nila sa iba't ibang paraan. Bakit mahalagang mamagitan at manindigan ang mga nakatatandang henerasyon kasama ng mga nakababata? Ano ang ilang paraan kung paano maipaglalaban at matutulungan ng nakatatandang henerasyon ang susunod na henerasyon?

## 3 Sa gitna ng kawalan ng katapatan, nanatiling tapat ang Diyos upang tuparin ang Kanyang pangako.

*[20]Sumagot ang PANGINOON, "Patatawarin ko sila ayon sa iyong hiniling. . . . [24]Ngunit papapasukin ko sa lupain na kanyang tiningnan si Caleb na aking lingkod, dahil iba ang kanyang pag-uugali sa iba at sumusunod siya sa akin nang buong puso niya. Maninirahan ang kanyang mga angkan sa lupaing iyon."*

**MGA BILANG 14:20, 24**

Sa kabila ng kawalan ng pananampalataya at pagrerebelde ng mga Israelita, nakatanggap sila ng awa ng Diyos at nailigtas mula sa pagkaubos ng kanilang lahi. Namana pa rin nila ang Lupang Pangako, pero ang susunod na henerasyon lamang ang makakapasok dito. Nakita rin natin kung paano pinarangalan ng Diyos ang pananampalataya ni Caleb. Nakatanggap siya at ang kanyang mga inapo ng gantimpala. Sa kanilang henerasyon, siya at si Josue lamang ang pinahintulutang makapasok sa lupain. Sa kanyang katandaan, ikinuwento ni Caleb ang katapatan na ipinakita sa kanya ng Diyos (Josue 14:10–12). Ano ang sinasabi ng Deuteronomio 7:9 tungkol sa katapatan ng Diyos?

Nakita natin kung paano nagtulungan ang dalawang henerasyon para matupad ang mga pangako at plano ng Diyos. Nawa'y magkaroon din tayo ng ganitong pagtutulungan upang isulong ang kaharian ng Diyos dito sa lupa.

## APPLICATION

- Tinatawag ng Diyos ang bawat henerasyon na aktibong kumilos sa pagbabahagi ng Kanyang mga pangako, plano, at layunin sa susunod na henerasyon. Magsulat ng tatlong paraan kung paano mo ito magagawa.
- Maglaan ng oras upang parangalan at pasalamatan ang mga bahagi ng nakatatandang henerasyon na nagturo at tumulong sa iyo sa iyong pamumuhay kasama ang Diyos. Pagpalain sila sa pamamagitan ng pananalangin.
- Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang tulungan ang isang taong mula sa nakababatang henerasyon. Ipanalanging akayin ka ng Diyos patungo sa Kanya ngayong linggo at gamitin ka upang magbigay ng pag-asa at lakas ng loob.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggamit sa atin upang tuparin ang Kanyang mga plano at layunin. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mas marami pang pagkakataon upang makapagbigay ng lakas ng loob sa mga tao at magtiwala sa katapatan ng Diyos sa lahat ng henerasyon.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano Siya naging tapat sa iyo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng pagkakataong tumugon nang may pananampalataya, anuman ang mga pangyayari sa iyong paligid.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng pananampalatayang mamagitan para sa iba. Hilingin sa Diyos kung sino ang mga maaari mong ipagdasal ngayong linggo at kung paano mo mapapalakas ang kanilang loob sa pamamagitan ng Kanyang salita.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Romeo Mercado, Mona Pondales, Kriscel Wee

victory.org.ph